PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS

# BIGWAS

KANLURAN GITNANG LUZON

BAGONG HUKBONG BAYAN

Enero, 2021

**Pinapapurihan ng Bagong Hukbong Bayan sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas kayong walang maliw sa pag-alay ng lakas at suporta sa rebolusyunaryong kilusan sa pukpukang pakikipaglaban sa militaristang tiraniya ng rehimeng US-Duterte, at kaalinsabay ng pagharap sa pandemyang COVID-19 sa ating pagmamartsa pasulong!**




Higit limang dekada na tayong magkakapit bisig mga kasama! Ipagbunyi natin sa darating na Marso 29 sa kasalukuyang taon, ang pagsalubong sa ika-52 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan! Ang inyong lingkod sa pagtatanggol sa karapatan ng mamamayan!

Papahigpit ang ating bigkis sa bawat taong sinusuong natin ang maliliit at malalaking sakripisyo. Ang ating Hukbo ay di alintana ang bawat hirap sa pagtatanggol sa interes ng masang magsasaka. Sa malawak na kanayunan ng bansa, pinangungunahan nila ang pagharap sa matinding kagutuman sa pamamagitan ng pagtanggol at organisadong pagbubungkal ng lupa. Ang produksyon sa panahon ng digmaan ay higit na kailangan sa pagsustini ng ating lakas, at upang kanlungin ang mamamayang nawalan ng trabaho at napalayas sa kanilang tirahan.Sadlak na si Duterte sa pagkabulok. Buhol buhol ang awayan sa loob ng kanyang gubyerno sa pagkukumahog na makapagpasikat at umungos sa mga nag-aasam na maupo sa pwesto sa darating na eleksyon 2022. Marahas na sinusupil ng rehimeng Duterte ang anumang anyo ng pagtatanggol at paggigiit ng karapatan. Bantad sa buong daigdig ang kanyang mga krimen laban sa mamayan, at dahil dito ay naitulak ang

## IPAGBUNYI ANG IKA-52 ANIBERSARYO NG BAGONG HUKBONG BAYAN!

International Criminal Court na imbestigahan ang mga habla ng iba't ibang organisasyon ng mamamayan laban sa kanyang rehimen. Ang kanyang sundalo nama'y abala sa korapsyong nakukuha sa mga pekeng surenderees at mga pagsasanay militar habang nasusubsob sa pagkatalo sa bawat bigwas ng Bagong Hukbong Bayan.



Bata-batalyong sundalo ng reaksyonaryong gubyerno ang nalipol sa nakalipas na taon. Daang armas ang nasamsam at libong ektaryang lupa ang naibalik sa masang magsasaka sa buong bansa. Dagsa ang sumasampa sa BHB sa pagkamulat ng nagdarahop na masang api.

Habang tuloy-tuloy ang pagpapalayas at pangangamkam ng lupa, lalong tumatalas ang sibat ng masang magsasaka at pambansang minorya na tatarak sa sistemang pyudal. Habang sumisidhi ang pagsasamantala sa mga manggagawa at iba pang aping mamamayan sa kalunsuran ay nabubuo ang higanteng mobilisasyon ng masa na magpapatalsik sa diktadurang kinamumuhian ng sambayanan. Wawakasan ng masang anakpawis sa kanayunan at kalunsuran ang daantaon nang pagsasamantala at pang-aapi. Kanilang ibabagsak at dudurugin ang reaksyunaryong estado.

Determinado ang Partido Komunista ng Pilipinas na higitan pa ang mga tagumpay sa taong ito upang tumuntong sa estratehikong pagkapatas. Puspusan ang Bagong Hukbong Bayan na magmulat, mag organisa , magpakilos at lumahok sa produksyon para sa matagalang digmang bayan. Pagsaluhan natin sa selebrasyon ang ginintuang mga aral sa bawat karanasan ng puspusang pakikibaka at simpleng pamumuhay. Ibayo tayong natututo at napapanday sa bawat taon ng paglulunsad ng digmang bayan.

Armadong pakikibaka ang natatanging magpapabagsak sa naghaharing sistema.

Panahon na ng malawakang pag-aarmas mga kasama! Ang ating pagpupunyagi ay lalangkapan natin ng libong pamamaraan para alpasan ang mga limitasyon at gapiin ang kaaway. Iindayog ang higit nating paglakas sa iisang bigkis ng Partido, Hukbo at Masa!

Sumangkot! Kumilos at sumampa sa Bagong Hukbong Bayan!




# ANG PIMP AT ANG KINABUKASAN NG MGA KAPAMPANGAN

Sa Pampanga, daan-daang ektarya na lupang agrikultural ang nakatiwangwang lamang habang napakaraming magsasaka ang walang lupang matatamnan at matitirhan. Ang dahilan, nakalaan ang lupaing ito para sa pribado at dayuhang pamumuhunan.

Sa unang dalawang taon pa lamang ng rehimeng US-Duterte ay napagpasyahan na nito ang kalbaryong babalikatin ng mamamayan ng Pampanga sa susunod na 50 taon. Sa pamamagitan ng **Pampanga Investment Magalopolies Plan** o PIMP ay siniguro ng pangkating Duterte ang kanilang dambuhalang parte sa likas na yaman ng Pampanga at lakas paggawa ng mamamayan nito.

Ang PIMP ay pagkakategorya sa gamit ng 280,000 ektaryang lupain ng Pampanga para sa real estate at eko-turismo. Sentro nito ang Clark International Airport katimbang ang tinatayang triad growth center ng Clark, San Fernando at Lubao. Iinog sa triad na ito ang apat na Megalopolies : ang Aeropolis na saklaw ang Angeles-Mabalacat-Mexico-San Fernando; Aquapolis sa Timog-Kanlurang Pampanga; Ecopolis o mga turismo sa Hilagang Kanluran Pampanga, Arayat at Candaba; at, Agripolis sa mga natitirang erya.

Ito ay dinibuho ng mga lokal na panginoong maylupa-burgesya kumprador ng Pampanga sa pangunguna ng dating Presidente Gloria Macapagal Arroyo, dating Gobernador Lilia Pineda at mga negosyanteng Laus Group of Companies, Pampanga Chamber of Commerce at San Miguel Corporation.

Kaugnay nito ay palalaparin ang buong Arnedo Dike mula Macabebe-Masantol-Apalit-San Simon-San Luis-Candaba-Arayat. Gayundin ang magkabilaang dike ng Ilog Abacan mula Mexico hanggang Clark at iba pang mga by-pass roads tulad sa Lubao, Guagua-Masantol, San Jose Malino-Anao at sa Porac. Aarangkada ang Pampanga Delta Project. Gayundin, ang iprenisenta ni dating DPWH Sec Singson na 22,000 ektaryang Water Retainment Project sa Calumpit-Apalit na maglulubog sa mga bahagi ng Apalit-San Simon-San Luis-Candaba-Arayat hanggang Cabiao!

Delubyo ang idudulot nito sa mamamayan ng Pampanga. Lalong titindi ang pagpapaalis sa lupang binubungkal, demolisyon sa paninirahan at dislokasyon sa kabuhayan. Tunay na ang PIMP ay pakyawang pagbubugaw ng buong patrimonyang Kapampangan kapwa ang likas-na-yaman at mamamayan nito para sa imperyalistang pandarambong.

Papayag ba ang mamamayan ng Pampanga na ipasa-kamay na lang sa mga burukratang kapitalista, malalaking burgesya kumprador at mga panginoong maylupa ang kanilang kinabukasan sa susunod na 50 taon o higit pa?


Ali kami bisa!" (Hindi kami payag!) ang matapang na sagot ni Ka Tupeng, lider ng Kabataang Makabayan at kasapi rin ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM) sa bayan ng Sta Ana.

Dagdag pa niya, "Ikit ne ing Bundok Arayat makananu neng pekelaban ing gabon neng Apong ninuno. Amana mi ya karela ing dayang rebolusyunaryo." (Saksi ang bundok Arayat kung paanong ipinakipaglaban ng aming ninuno ang lupa. Namana namin sa kanila ang dugong rebolusyonaryo.)

Kagaya ni ka Tupeng, isang malaking hamon sa mamamayan ng Pampanga, lalo na sa masang magsasaka kung paanong mahigpit na magkakaisa para ipagtanggol ang lupa, kabuhayan at paninirahan sa harap ng malawakang pagpapalayas at pandarahas ng estado.

Itaguyod ang tradisyon ng armadong paglaban na sinimulan ng mga ninunong Katipuneros, HUKBALAHAP (Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon), HMB (Hukbong Mapagpalaya ng Bayan), at pinagpapatuloy ngayon ng laksa-laksang magsasaka sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas at sa pangunguna ng Bagong Hukbong Bayan!

**Mag-armas! Lumahok sa digmang bayan! Sumampa sa Bagong Hukbong Bayan!**




# PAIGTINGIN ANG DIGMANG BAYAN SA HARAP NG TUMITINDING PANUNUPIL NG REHIMENG US-DUTERTE

Mula ng maangkin ni Duterte ang kapangyarihan, mabagsik niyang tinutugis, ginigipit, sinisindak at pinapaslang ang sinumang kontra sa kanyang paghahari. Itinuring niyang kaaway ng estado ang sinumang tumutuligsa sa kanyang kalupitan, katiwalian at kataksilan sa bayan. Kabilang sa kanyang pinagdidiskitahan ang mga lehitimo at ligal na mga organisasyon, mga personahe at mga progresibong Party-list.Sirang plaka na paulit-ulit niyang iniuugnay ang mga ito sa organisasyon ng New Peoples Army para bigyang katwiran ang mga kaso ng pulitikal na pamamaslang, iligal na pag-aresto, panggigipit, paninirang puri, panunupil at pandarahas.

Naghuhuramentado na isinasangkot niya ang iba't ibang pwersang pulitikal sa diumano ay pagsasabwatan para sa pagpapabagsak sa kanyang pasistang diktadurya.

**Bagamat nag-aastang matapang, takot at duwag si Duterte sa lumalawak at lumalakas na paglaban ng mamamayan.**

Walang armas na pantapat o panlaban sa baril ng mersenaryong militar at pulis ni Duterte ang mga aktibistang sibilyan. Saanmang anggulo tingnan, magkaibang organisasyon ang mga ito, may magkaibang hanay ng kasapian, programa, at paraan ng paglaban.

## Mga Pulang Mandirigma, Naglilingkod sa Masa, Hindi Terorista

Kabastusan na ginagawang tropeo ng pasistang militar ni Duterte ang bangkay ng mga pulang mandirigma na namartir sa mga armadong labanan. Tulad ni Kasamang Jovelyn Cullamat na nasawi sa labanan sa Surigao noong Nobyembre. Buong kasamaan na ginamit ito para idiin ang kanyang ina na si Representative Eufemia Cullamat, lider Lumad at ang kinakatawan niyang Bayan Muna Party-list.

Si Jovelyn Cullamat ay kabataang lumad na nagpasyang sumampa sa BHB dahil sa papatinding pang-aagaw sa kanilang lupang ninuno sa Andap Valley sa Surigao del Sur. Sa murang edad, namulat siya sa kainutilan ng gubyernong tugunan ang mga batayang serbisyong panlipunan. Nasaksihan niya ang pamamaslang, pambobomba at pagpapalayas sa mga Lumad at magsasaka
Wakasan ang bulok na sistemang umiiral na matagal ng nang-aapi sa mga Lumad at sa sambayanan, ito ang dahilan ng pagsampa at pag-aalay niya ng buhay.

Sa Kanluran Gitnang Luzon, patraydor na dinukot at pinatay ng pasistang militar si kasamang Fernando Poblacio Jr. o Ka Islaw noong ika-3 ng Disyembre sa Camiling, Tarlac. Si Ka Islaw ay pulang mandirigma ng BHB na nagpapagamot dahil sa karamdaman. Bago pa natagpuan ang kanyang bangkay ay nauna nang inanunsyo ng 7th Infantry Division ang kanyang pagkamatay sa isang gawa-gawang kwentong labanan.

Paglilingkod sa interes ng masang manggagawa, maralitang tagalungsod, at magsasaka ang dahilan ng pagsampa ni Ka Islaw. Kilala at pinagpipitagan siyang guro sa Tarlac State University bago siya maging full time na organisador ng maralitang lungsod, hanggang sa pinagpasyahan niyang sumampa sa NPA. Inialay niya ng lubusan ang kanyang lakas, talino, talento, at buhay para sa sambayanan.





## Rehimeng US-Duterte at Mersenaryong AFP at PNP: Mga Tunay na Terorista

Ang kalagayan ng mga Lumad at mamamayan ng Mindanao ay hindi nalalayo sa kalagayan ng mga Ayta at mamamayan ng Gitnang Luzon. Kabi-kabila ang mng proyektong nagpapalayas at nagwawasak sa kabuhayan ng masa tulad ng NGP, Balog Balog Dam, New Clark City; malakihang pagmimina ng mga kumpanya ng Benguet Nickel Mining Corporation, DMCI, at mga proyektong eko-turismo .

Kasabay nito, papatindi ang pasistang atake sa mga pamayanang Ayta. Noong Nobyembre 24, 2020 ay naghulog ng tatlong bomba ang FA50 sa hangganan ng Mangatarem, Pangasinan at San Clemente, Tarlac. Mahigit dalawang linggo na hindi nakapagtrabaho sa kanilang uma ang mga magsasaka at masang Ayta na residente ng Brgy. Lawak Langka, Mangatarem at Brgy. Maasin sa San Clemente. Kasunod ito ng walang habas na pambobomba sa komunidad ng mga Ayta sa Lumibao, San Marcelino, Zambales noong Agosto 21. Hanggang sa kasalukuyan ay nagpapatuloy ang mga operasyong militar na nandarahas sa mga minoryang Ayta, setler, at masang namumuhay sa Zambales Mountain Range. Malaganap din ang mapanlinlang, peke at sapilitang pagpapasuko sa mga masa sa ilalim ng programang Enhanced Community Livelihood Program (E-CLIP) ni Duterte.

Terorismo sa buong sambayanan ang inihahasik ng rehimeng US-Duterte at ang kinakatawan nitong bulok na estado. Terorismong maituturing ang atake nito sa kabuhayan, karapatang sibil, at buhay ng mamamayan. Terorismong matatawag ang korupsyon, pagkakait ng serbisyong panlipunan, at malaganap na kagutuman sa buong bansa.

Dapat na wakasan ang terorismo ng estado. Patalsikin ang rehimeng US-Duterte at sa ultimo ay wakasan ang estadong malakolonyal-malapyudal!



## Panawagan sa pagsampa sa Bagong Hukbong Bayan

Eksperto sa pagpatay, dalubhasa sa paghahasik ng takot sa mga mamamayan, inaasahan na mas babagsik pa si Duterte at mga opisyal militar nito sa mga susunod na buwan hanggang sa pagtatapos ng kanyang termino sa taong 2022. Nagmamaniobra si Duterte na manatili sa kapangyarihan kundiman ay makapagluklok ng bagong presidente na magpapatuloy sa kanyang pasista at kontra mamamayang mga programa at patakaran, pangalagaan ang kaniyang dinambong na kayamanan, at protektahan siya laban sa tiyak na pananagutan sa kanyang mga krimen.

Sa ganitong kalagayan, higit na makatarungan at makatwiran ang pag-aarmas ng mamamayan. Naghihikayat ito sa maraming aktibista at karaniwang masa na magpasyang tumahak sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan.

Nananawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas - Kanluran Gitnang Luzon sa lahat ng biktima ng panunupil ng rehimeng US-Duterte at sa lahat ng mamamayan sa kalunsuran man o kanayunan na sumampa at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Gawing inspirasyon ang pag-aalay ng buhay ni Ka Jovelyn at Ka Islaw para magpunyagi sa pagtatagumpay ng digmang bayan hanggang sa hinahangad nating maaliwalas na sosyalistang bukas.

BIGWAS
KANLURAN GITNANG LUZON



# PALAISIPAN

Sa nakaraang AJEX DAGIT-PA (AFP Joint Exercise Dagat-Langit-Lupa) na magkakasamang inilunsad Philippine Airforce, Philippine Navy, Philippine Army at Special Operations Forces noong Nobyembre 23 hanggang Disyembre 4 sa Zambales Mountain Range, gumamit ang AFP ng mga barkong pandigma, attack helicopters, FA-50, drones at naglustay ng daang libong bala sa pagsasanay militar.

Sa ulat ng BHB - Kanluran Pangasinan, bago ang gawa-gawang engkwentro ng AFP sa bawndari ng Tarlac-Pangasinan noong Nobyembre 24, 2020 ay limang beses nagpalipad ng drone ang militar na tumagal ng halos anim na oras. Sa araw ng mismong gawa-gawang labanan, naghulog ng tatlong bomba ang dalawang FA-50 habang nakasuporta ang dalawang AugustaWestland helicopter at dalawa pang chopper na kargado ng tropang militar. Hindi bababa sa tatlong oras na nagpaikot-ikot ang mga ito sa perimetro ng eryang binomba sa loob ng dalawang araw.

Mga Ka-Bigwas, magkano kaya ang nilustay ng AFP sa kabang yaman ng bayan sa pekeng engkwentro na nilubid nito sa hangganan ng Tarlac-Pangasinan? (1) Kung ang bawat lipad ng drone ay nagkakahalaga ng P238, 100 sa bawat oras; at (2) Kung ang bawat lipad ng anumang tipo ng helicopter at chopper ay nagkakahalaga ng hindi bababa sa kalahating milyon sa bawat oras? Hindi pa kasama rito ang halaga ng bombang ibinagsak, ang paglipad ng FA-50 at mga balang ginamit.

Kung ginamit ang pondong ito para sa Personal Protected Equipments (PPE) na kailangan ng mga *frontliners* kontra-COVID-19, ilang katao na sana ang nabigyan? Ang halaga ng bawat PPE ay P1, 200.

Tulungan ninyo kaming kwentahin mga Ka-Bigwas. I-*shout out* ang inyong sagot sa Bigwas-KGL Facebook.